

# Filipino sa Piling Larang Teknikal-Bokasyunal



**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Unang Linggo: Sulating Teknikal-Bokasyunal: Kahulugan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>	
<b>Filipino sa Piling Larang: Teknikal- Bokasyunal</b>	
<b>Manunulat:</b>	Merliza U. Din
<b>Editor:</b>	Tommy R. Rico
<b>Tagasuri:</b>	Sheila C. Molina, Allan G. Salom, Amaflor C. Alde
<b>Tagaguhit:</b>	Ferdinand B. Jara
<b>Tagalapat:</b>	Jovanny L. Cornelia
<b>Tagapamahala:</b>	Wilfredo E. Cabral Jennifer Vivas Dennis M. Mendoza Micah S. Pacheco Jocelyn M. Aliñab Tommy R. Rico

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO- Caloocan  
Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City, Philippines  
Telefax: (632) 8929-0153  
E-mail Address: [depedncr@deped.gov.ph](mailto:depedncr@deped.gov.ph)

# Filipino sa Piling Larang Teknikal- Bokasyunal

## Unang Markahan – Unang Linggo Sulating Teknikal- Bokasyunal: Kahulugan

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa [action@deped.gov.ph](mailto:action@deped.gov.ph).

**Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal-SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Sulating Teknikal- Bokasyunal: Kahulugan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambalikong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

## **Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa araling Sulating Teknikal-Bokasyunal: Kahulugan!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



### **Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



### **Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



### **Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



### **Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



### **Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



### **Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat na makakatulong sa lubos na pagkatuto. Makatutulong ito upang mabatid ang kaligirang kaalaman sa teknikal na mga sulatin. Ang saklaw ng modyul na ito ay angkop sa iba't ibang pamamaraang pampagkatuto. Ang mga aralin ay nilapatan ng angkop na talasalitaan na magagamit sa pag-unawa sa nilalaman ng bawat teksto. Ang mga aralin ay nakadisenyo batay sa sistematikong balangkas ng kurso.

Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 1- Sulating Teknikal-Bokasyunal-Kahulugan

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na :

Nabibigyang-kahulugan ang teknikal at bokasyunal na sulatin

### **(CS\_FTV11/12PB -0a-c-105)**

1. Nakikilala ang katangian ng teknikal-bokasyunal na sulatin
2. Nakabubuo ng sariling pananaw hinggil sa konsepto ng teknikal-bokasyunal na sulatin
3. Nakapagsasagawa ng isang maikling pananaliksik hinggil sa mga halimbawa ng teknikal-bokasyunal sa sulatin



## Subukin

Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita na hinihingi sa bawat bilang.

naratibong pag-uulat	rekomendasyon
promotional materials	handbook
marketing strategy	pormal

1. Ang flyers/leaflet at brochure ay isang halimbawa ng \_\_\_\_\_.
2. Madalas makita sa huling bahagi ng feasibility study ang \_\_\_\_\_.
3. Isang uri ng dokumento ang \_\_\_\_\_ na nagsasaad ng pagkakasunod-sunod ng tiyak na pangyayari sa isang gawain.
4. Ang uri ng manwal na tungkol sa benepisyong at obligasyon ng mga manggagawa ay tinatawag na \_\_\_\_\_.
5. Ang ginagamit na wika sa mga manwal ay \_\_\_\_\_ upang mas malinaw ang pagbibigay ng impormasyon.

### Piliin ang letra ng angkop na sagot sa bawat bilang.

- \_\_\_\_\_ 6. Isang uri ng sulating napakahalaga sa paraan ng pagsulat at komunikasyon para sa propesyunal na pagsulat tulad ng ulat panglaboratoryo, mga proyekto, mga panuto, at mga dayagram.
- A. Akademikong Sulatin                      C. Teknikal-Bokasyunal na Sulatin  
B. Sanaysay                                      D. Teknikal
- \_\_\_\_\_ 7. Maliban sa pagbabahagi ng impormasyon, ano pa ang isa sa layunin ng teknikal na sulatin?
- A. maglarawan                                  C. maglahad  
B. mangatuwiran                                D. manghikayat
- \_\_\_\_\_ 8. Alin sa sumusunod ang **hindi** katangian ng teknikal-bokasyunal na sulatin?
- A. malinaw                                      C. tumpak  
B. subhektibo                                    D. di-emosyunal
- \_\_\_\_\_ 9. Alin ang **hindi** kabilang sa mga sulating teknikal-bokasyunal?
- A. Nagbibigay ng mahalagang dokumentasyon sa gamit at aplikasyon ng mga produkto at paglilingkod sa bawat industriya.
- B. Paghahanda ng mga teknikal na dokumento para sa kaunlaran ng teknolohiya upang mapabatid ito nang mas mabilis, episyente, at produktibo.



- C. Pagsulat ng komunikasyon para sa mga ulat panglaboratoryo, proyekto, panuto, dayagram, at manwal.
- D. Pagsulat ng mga akdang pampanitikan na magtatampok sa kakayahan ng mga mag-aaral

- \_\_\_\_\_10. Ito ay isa sa mga importanteng elemento ng isang sulating teknikal-bokasyunal.
- A. pahina
  - B. teknikal na lathalain
  - C. proposal
  - D. pagsulat
- \_\_\_\_\_11. Ito ang isinasaalang alang sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin.
- A. uri ng mambabasa
  - B. estado sa buhay
  - C. antas
  - D. edad
- \_\_\_\_\_12. Kung ikaw ay may balak magnegosyo, paano mo mabilis na maipakikilala ang iyong produkto?
- A. paggamit ng pahayagan
  - B. paggamit ng flyers
  - C. pagpaskil ng sariling numero
  - D. pagsali sa mga kompetisyon
- \_\_\_\_\_13. Bakit hindi layunin ng teknikal bokasyunal na sulatin ang gumising ng emosyon ng mambabasa?
- A. sapagkat gumagamit ng sariling bokabularyo
  - B. sa kadahilanang hindi naman ito mahalaga
  - C. dahil hindi kasama ang sariling saloobin
  - D. dahil obhektibo ang layunin nito
- \_\_\_\_\_14. Upang maiwasan ang kamaliang gramatikal sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin, alin ang dapat tandaan?
- A. Tama ang bantas at kayariang ginamit.
  - B. Kinakailangan ng sapat na panahon
  - C. Maayos na paggamit ng mga titik
  - D. May tumpak na nilalaman
- \_\_\_\_\_15. Bakit mahalagang malaman at matutuhan ang pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin?
- A. upang magamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap
  - B. para magamit sa iba't ibang larangang kinabibilangan
  - C. upang maging malikhain sa mga gawain
  - D. nang guminhawa ang estado ng buhay

## Aralin

# 1

## Teknikal-Bokasyunal: Kahulugan

Ang pag-aaral ng sulating teknikal ay malaking kapakinabangan upang mabatid ang mga gawaing pagsulat sa ilalim ng teknikal-bokasyunal. Marahil ay batid mo na ang mga uri ng sulatin mula sa iyong nakalipas na pag-aaral at batid mo na rin ang kaibahan ng sulating teknikal-bokasyunal sa iba pang uri ng sulatin. Ano nga ba ang nilalaman nito at paano ito nakatutulong sa iyong sarili sa pang-araw-araw na pamumuhay? Bakit mahalagang malaman mo ang tungkol dito? Atin itong aalamin sa araling tatalakayin.



### *Balikan*

**Tukuyin kung anong uri ng sulatin ang tinutukoy sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at isulat ang letra sa patlang.**

- |              |                   |                     |
|--------------|-------------------|---------------------|
| A. Editoryal | B. Marketing plan | C. Konseptong papel |
| D. Tula      | E. Bibliograpiya  | F. Sanaysay         |

- \_\_\_1. Ipinakikita ang iba't ibang paraan ng pagbebenta ng produkto o pagnenegosyo.
- \_\_\_2. Isa sa mahalagang bahagi ng sulating ito ay ang inaasahang bunga.
- \_\_\_3. Naglalaman ng mga tala o sanggunian mula sa may-akda.
- \_\_\_4. Isa sa uri nito ay ang malayang taludturan.
- \_\_\_5. Sa bahaging ito ng pahayagan, marami ang nagbibigay ng mga katanungan sa patnugot.



## **Tuklasin**

Sa hirap ng buhay ngayon, maraming naghahanap ng trabaho subalit walang mapasukan. O, kung mayroon man, masyado silang mapili. Ang gusto ay sa malalaking tanggapan at ayaw sa mga ordinaryo lamang. Sa tulad mong mag-aaral, maaari ka ring kumita kung sasamantalain ang pagkakataon. Maliit nga lamang ang suweldo subalit malaking tulong naman sa kabuhayan.

Basahin mo ang anunsyong matatagpuan sa ibaba. Gugustuhin mo bang magtrabaho sa ganitong uri ng hanapbuhay? Subukin kung masasagot mo ang mga katanungang may kaugnayan dito.

**KUMITA TUWING HAPON**

**Magburda ng mga bag na gawa sa abaka**

**Madali lamang-parang naglilibang**

**Makipagkita nang personal sa may-ari o kaya'y tumawag sa telepono bilang 532-40-99**

<http://www.ruffomedico.yolasite.com/resources/Modyul%205%20Pagsulat%20ng%20Liham-%20Pangangalakal%20na%20Nag-aaplay%20sa%20T.pdf>

**Panuto: Isulat ang tinutukoy na impormasyon sa bawat bilang.**

1. Ang trabahong papasukan ng mag-aaplay ay \_\_\_\_\_.
2. Ang bag ay gawa sa \_\_\_\_\_.
3. Kung hindi makatatawag sa telepono upang makausap ang may-ari, maaari namang \_\_\_\_\_.
4. Magsisimula ang trabaho sa \_\_\_\_\_.
5. Ang anunsyo ay nakasulat sa \_\_\_\_\_.



## ***Suriin***

### **Teknikal-Bokasyunal na Pagsulat**

Ang teknikal-bokasyunal na pagsulat ay napakahalaga sa paraan ng pagsulat at komunikasyon para sa propesyunal na pagsulat tulad ng ulat panglaboratoryo, mga proyekto, mga panuto, at mga dayagram. Ang teknikal na pagsulat ay mahalagang bahagi ng industriya dahil ito ang nagbibigay ng mahalagang dokumentasyon sa gamit at aplikasyon ng mga produkto at paglilingkod sa bawat industriya. Malaki rin ang naitutulong sa paghahanda ng mga teknikal na dokumento para sa kaunlaran ng teknolohiya upang mapabatid ito nang mas mabilis, episyente, at produktibo.

Ang pokus ng teknikal-bokasyunal na pagsulat ay ang introduksyon ng mag-aaral sa iba't ibang uri ng pagsulat na kailangan sa mga gawaing may teknikal na oryentasyon. Anumang uri ng propesyonal sa gawain ang ginagawa mo, maaaring ito ay nangangailangan ng mga gawaing pagsulat at marami rito ay likas na teknikal. Habang mas marami ang alam mo ukol sa batayang kasanayan sa teknikal na pagsulat , mas mahusay na pagsulat ang magagawa mo.

### **Katangian ng Teknikal-Bokasyunal na Pagsulat**

Mahalagang malaman ang mga katangian ng teknikal-bokasyunal na pagsulat kung ikaw ay naghahangad na maging propesyonal na manunulat sa larangan nito.

Maraming klase ng sulatin at bawat isa ay may kaniya- kaniyang layunin na higit na nangangailangan ng kasanayan lalo na sa teknikal bokasyunal. Ang layunin ng ganitong uri ng pagsulat ay maipaliwanag ang iba't ibang paksa sa mambabasa.

Ang teknikal-bokasyunal na pagsulat ay naglalahad at nagpapaliwanag ng paksang-aralin sa malinaw, obhektibo, at tumpak. Ito rin ay gumagamit ng deskripsyon ng mekanismo, deskripsyon ng proseso, klaripikasyon, sanhi at bunga, paghahambing at pagkakaiba, analohiya at interpretasyon. Gumagamit din ito ng

mga teknikal na bokabularyo. Maliban pa sa mga talahanayan, grap, at mga bilang upang matiyak at masuportahan ang talakay tekstwal.

### **Batayang Simulain ng Mahusay na Sulating Teknikal-Bokasyunal**

**1. Pag-unawa sa mambabasa-** ang ulat ay dapat iangkop sa pangangailangan ng mambabasa ng ulat at kung paano niya magagamit ang ulat.


**2. Pag-alam sa layunin ng bawat artikulo o ulat-** mahalagang alamin ang tiyak na layunin ng gagawing artikulo o ulat sapagkat ang teknikal-bokasyunal ng pagsulat ay higit na naglalaman ng mga impormasyon. Ang layunin ng ganitong uri ng pagsulat ay maipaliwanag ng ibat' ibang paksa sa mga mambabasa.

**3. Pag-alam sa paksang-aralin-** sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin nangangailangan ng sapat na kaalaman sa paksang ilalahad upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagkakamali sa pagbibigay ng impormasyon.

**4. Obhetibong pagsulat** -nararapat na nailalahad at naipapaliwanag ang paksang-aralin sa malinaw, obhetibo, tumpak, at di-emosyonal na paraan.

**5. Paggamit ng tamang estruktura-** ito ay gumagamit ng deskripsyong ng mekanismo, deskripsyon ng proseso, klaripikasyon, sanhi at bunga, paghahambing at pagkakaiba , analohiya at interpretasyon. Gumagamit din ito ng mga teknikal na bokabularyo. Maliban pa sa mga talahanayan, grap, at mga bilang upang matiyak at masuportahan ang talakay tekswal.


**6. Paggamit ng etikal na pamantayan** -mahalaga na ang bawat hakbang ay mailarawan nang malinaw, maunawaan at kumpleto ang ibinibigay na impormasyon. Dagdag pa rito, mahalaga rin ang katumpakan, walang kamaliang gramatikal gayundin sa bantas at may angkop na pamantayang kayarian.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1 Pagbuo ng Kaisipan**

Isulat sa loob ng mga kahon ang nabuo mong kaisipan sa tinalakay na aralin gamit ang Concept Map.



### **Gawain 2 Magagawa Natin!**

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng teknikal-bokasyunal na sulatin, nais kong magsaliksik ka ng mga impormasyon ukol dito.

1.Manwal \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

2.Liham Pangnegosyo  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

3.Flyers/Leaflets/Promotional Materials  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

---

---

#### 4.Naratibong Pag-uulat

---

---

---

Maaari kang gumamit ng mga sanggunian na makikita sa internet.

Isulat sa malinis na papel ang bibliyograpiya/sanggunian ng pinagkuhanan ng impormasyon.

Bigyan ng pansin at sundin ang pamantayan sa pagwawasto:

<b>Kraytirya</b>	<b>50%</b>	<b>30%</b>	<b>20%</b>	<b>Kabuoan</b>
Wastong pagsasaliksik ng impormasyon	Nailahad nang maayos at may sapat na impormasyon sa paksang nasaliksik	Nailahad ng bahagya ang impormasyong nasaliksik	Hindi naging maayos ang paglalahad ng paksa	<b>100%</b>

### **Gawain 3 Isaayos! Mga Hakbang sa Pagsulat**

Suriin ang mga pahayag, ayusin ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin. Isulat ang bilang 1-5 sa bawat patlang.

\_\_\_ pumili ng paksang gagamitin sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin

\_\_\_ maging maingat sa pagbibigay ng impormasyon sa paksa

\_\_\_ alamin ang katangian ng mga mambabasa

\_\_\_ suriing mabuti ang mga bantas na ginamit

\_\_\_ humanap ng taong magwawasto sa teksto




## **Isaisip**

Punan ng angkop na salita upang mabuo ang isinasaad ng talata. Piliin sa loob ng kahon at isulat sa patlang ang sagot.

at	na	pa	ay	ang
kayarian	teknikal	walang	bantas	bokabularyo
tumpak	hangarin	panuto	tao	komunikasyon
kumpleto				

Ang teknikal-bokasyunal na pagsulat ay (1) \_\_\_\_\_ pasulat sa larangang may espesyalisadong (2) \_\_\_\_\_ tulad ng agham, inhenyera, teknolohiya, (3) \_\_\_\_\_ agham pangkalusugan. Karamihan sa mga (4) \_\_\_\_\_ na pagsulat ay tiyak at (5) \_\_\_\_\_ lalo na sa pagbibigay ng (6) \_\_\_\_\_. Ito ay payak dahil ang (7) \_\_\_\_\_ nito ay makalikha ng teksto (8) \_\_\_\_\_ mauunawaan at maisasagawa ng karaniwang (9) \_\_\_\_\_. Mahalaga na ang bawat hakbang (10) \_\_\_\_\_ mailarawan nang malinaw, maunawaan at (11) \_\_\_\_\_ ang ibinibigay na impormasyon. Dagdag (12) \_\_\_\_\_ rito, mahalaga rin ang katumpakan, (13) \_\_\_\_\_ kamaliang gramatikal, walang pagkakamali sa (14) \_\_\_\_\_ at may angkop na pamantayang (15) \_\_\_\_\_. Ang teknikal na pagsulat ay naglalayong magbahagi ng impormasyon at manghihikayat sa mambabasa.





## ***Isagawa***

### **Sagutin ang tanong:**

Ipaliwanag ang iyong sagot gamit ang mga natutuhan.

Ano ang kahalagahan ng teknikal-bokasyunal na sulatin sa isang mag-aaral na katulad mo?

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

### **Pamantayan sa Pagpupuntos:**

<b>Pamantayan</b>	<b>Katangian</b>	<b>Puntos</b>	<b>Iskor ng mag-aaral</b>
Nilalaman	May kabuluhan ang bawat talata sa paglalahad at pagtalakay ng paksa.	5 puntos	
Kaugnayan ng Paksa	Naibahagi ang sapat na kaugnayan ng mga kaisipan tungkol sa paksa	5 puntos	
Paggamit ng salita	Angkop na paggamit ng mga salita, bantas at kapitalisasyon	5 puntos	
<b>Kabuoan</b>		15 puntos	



## Tayahin

Isulat sa unahan ng bilang ang salitang **Tama** kung sinasang-ayunan ang mga pahayag at **Mali** kung ito ay hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Nagsisilbing gabay sa mga mambabasa ang manwal.
- \_\_\_\_\_ 2. Iisa lang ang ginagamit na pormat sa pagsulat ng liham.
- \_\_\_\_\_ 3. Sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin ay nararapat lang na may sapat na kaalaman sa paksang tatalakayin upang maiwasan ang pagkakamali sa pagbibigay ng impormasyon.
- \_\_\_\_\_ 4. Madalas malaking bahagi ang sariling pananaw o saloobin sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin.
- \_\_\_\_\_ 5. Lubhang madali at mabilis lamang ang pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin.

**Piliin ang angkop na sagot na hinihingi sa bawat bilang. Isulat ang letra sa patlang.**

- \_\_\_\_\_ 6. Ang teknikal na pagsulat ay mahalaga sa isang industriya, maliban sa \_\_\_\_\_.
- A. Ito ay nagbibigay ng dokumentasyon sa gamit at aplikasyon ng produkto.
  - B. Nakatutulong sa paghahanda ng teknikal na dokumento sa kaunlaran ng teknolohiya.
  - C. Nagiging mabilis, episyente at produktibo ang mga gawain
  - D. Napapaunlad ang katangiang personal ng mga manggagawa.
- \_\_\_\_\_ 7. Gumagamit ang teknikal-bokasyunal na sulatin ng sumusunod upang higit na maipaliwanag ang paksang-aralin. Alin ang hindi kasama dito?
- A. Aklat
  - B. Deskripsyon ng proseso
  - C. Sanhi at bunga
  - D. Deskripsyon ng mekanismo
- \_\_\_\_\_ 8. Bakit mahalagang matutunan ng mga mag-aaral ang pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin?
- A. Dahil nadaragdagan ang kanilang kaalaman at palawakin ang mga impormasyon na maaaring gamitin sa pang-araw-araw na buhay.
  - B. Mapapabilis ang paghahatid nila ng mga mensahe sa kanilang *social media account*.
  - C. Mapapaunlad ang kasayanan sa pagguhit.

D. Makatutulong sa pagpili ng kurso sa kolehiyo.

- \_\_\_\_\_ 9. Alin sa sumusunod ang **hindi** katangian ng teknikal-bokasyunal na sulatin?
- A. Ito ay higit na naglalaman ng mga impormasyon.
  - B. Naglalahad ng paksang-aralin sa malinaw, obhetibo, tumpak, at di-emosyonal na paraan.
  - C. Gumagamit din ito ng mga teknikal na bokabularyo.
  - D. Madalas walang makikitang grap, talahanayan at ilustrasyon.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang sumusunod ay mga halimbawa ng teknikal-bokasyunal na sulatin maliban sa \_\_\_\_\_.
- A. Manwal
  - B. Ulat Panglaboratoryo
  - C. Flyers
  - D. Balita
- \_\_\_\_\_ 11. Isa sa layunin ng teknikal-bokasyunal na sulatin ay ang \_\_\_\_\_
- A. manghikayat
  - B. mangatuwiran
  - C. magpasaya
  - D. magsalaysay
- \_\_\_\_\_ 12. Sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin, alin ang pinakaunang dapat bigyan ng pansin?
- A. Uri ng mga mambabasa
  - B. Mga salitang gagamitin
  - C. Nilalaman
  - D. Sariling pananaw
- \_\_\_\_\_ 13. Hindi kinakailangan ang emosyon sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin dahil sa \_\_\_\_\_.
- A. Maaaring makagulo sa pagbibigay ng impormasyon.
  - B. Tanging obhetibo lamang ang teknikal na sulatin.
  - C. Malaki ang maitutulong nito sa nilalaman.
  - D. Hindi ito isang sanaysay.
- \_\_\_\_\_ 14. Sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin, dapat tandaan ang ilang simulain maliban sa?
- A. Pag-unawa sa mambabasa
  - B. Pag-alam sa paksang-aralin
  - C. Paggamit ng tamang estruktura
  - D. Pagbuo ng magandang *flyers*
- \_\_\_\_\_ 15. Maiiwasan ang kamaliang gramatikal sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin kung tatandaan ang \_\_\_\_\_.
- A. Walang pagkakamali sa bantas at may angkop na pamantayang pangkayarian.
  - B. May wasto at naaangkop na nilalaman.
  - C. Kinakailangan ng sapat na panahon.
  - D. Maayos na paggamit ng mga letra.




## ***Karagdagang Gawain***

### **Alam Ko 'to!**

Isulat sa loob ng kahon ang mga salitang “jargon” ng mga sumusunod na propesyon. Magtala ng tig-limang salita.

**Dentista**




**Fashion Designer**



**News Reporter**





# Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. promotional materials</li> <li>2. rekomendasyon</li> <li>3. naratibong pag-uulat</li> <li>4. handbook</li> <li>5. pormal</li> </ol> <p>6. C 11. A 7. D 12. B 8. B 13. C 9. D 14. A 10. B 15. D</p>	<p>Balikin:</p> <p>1. B 2. C 3. E 4. D 5. A</p>	<p>Tuklasin:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. magburda ng bag</li> <li>2. abaka</li> <li>3. makipagkita ng personal</li> <li>4. hapon</li> <li>5. paskil</li> </ol>	<p>Pagmamain:</p> <p>Gawain #1 -ayon sa sagot ng mga mag-aaral</p> <p>Gawain #2 -ayon sa pamantayan</p> <p>Gawain #3 -2 -3 -1 -4 -5</p>
<p>Isaisip:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. komunikasyon</li> <li>2. bokabularyo</li> <li>3. at</li> <li>4. teknikal</li> <li>5. tumpak</li> <li>6. panuto</li> <li>7. hangarin</li> <li>8. na</li> <li>9. tao</li> <li>10. ay</li> <li>11. kumpleto</li> <li>12. pa</li> <li>13. walang</li> <li>14. bantas</li> <li>15. kayarian</li> </ol>	<p>Isagawa:</p> <p>-ayon sa pamantayan</p>	<p>Tayahin:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tama</li> <li>2. Mali</li> <li>3. Tama</li> <li>4. Mali</li> <li>5. Mali</li> <li>6. D 11. A</li> <li>7. A 12. D</li> <li>8. A 13. D</li> <li>9. C 14. A</li> <li>10. D 15. A</li> </ol>	<p>Karagdang Gawain:</p> <p>-ayon sa nasaliksik</p>

## ***Sanggunian***

<http://www.ruffomedico.yolasite.com/resources/Modyul%205%20Pagsulat%20ng%20Liham-%20Pangangalakal%20na%20Nag-aaplay%20sa%20T.pdf>

<https://quizlet.com/307318600/test>

<https://teknikalbokasyonalnasulatin.wordpress.com/>

<https://www.scribd.com/document/366883085/Pagsusulit-Sa-Pagsulat-1st>

<https://www.scribd.com/document/393967992/Baitang-12-DLP-Tech>

<https://jonelg722blog.wordpress.com/2016/06/30/teknikal-bokasyonal-nasulatin/>

<https://prezi.com/cuqgiuemdmjh/teknikal-na-pagsulat-mga-batayang-simulain-sa-pagsulat-ng-ulat-at-teknik-sa-paglalahad/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)